# The Maphilindian Regionalism as an Alternative to United States-China Dichotomy

## *Ang Rehiyunalismong Maphilindo bilang Alternatibo sa Dikotomiyang Estados Unidos-Tsina*

**Mark Joseph Santos**[1]
*De La Salle University, Philippines*

ARTICLE HISTORY

***Received:*** January 26, 2026 | ***Accepted:*** July 28, 2026 | ***Published:*** August 31, 2026

**ABSTRACT**

*The Philippine foreign relations policy under the previous regime of President Rodrigo Duterte (2016–2022) was characterized by a strategic "pivot to the East." As part of its systematic distancing from the liberal democratic orientation of its predecessor, the Duterte regime shifted its alignment from Washington to Beijing. One apparent aspect of its rhetoric was the United States–China dichotomy. This rhetoric insisted that the Philippines had only two options: 1) align itself with the United States and become antagonistic toward China, or 2) ally itself with China to avoid its aggression and distance itself from the United States. Yet, as other commentators have observed, the regime merely instrumentalized this dichotomy to justify its failure to protect the West Philippine Sea and to obtain loans from China. This paper belongs to the fields of International Studies and Regional Studies, that utilizes cultural approach. Documentary research will be applied, using news and published materials. This paper aims to critique this problematic dichotomy of the Duterte regime by presenting an alternative framework for Philippine foreign policy: the Maphilindian civilization. Within the context of the trichotomy (self–shared self–other) articulated by historian and anthropologist Zeus A. Salazar, it will be argued that the Maphilindian, or Pan-Malayan, civilization offers a healthier option for the Philippines (self). This framework provides a means of cutting the country's abusive relationship with the United States and China (others) while enabling a return to its Pan-Malayan and Austronesian cultural origins (shared self). Moreover, it can serve as a foundation for strengthening relations with the Association of Southeast Asian Nations (ASEAN), as well as with other Global South nations. Aside from the theoretical contribution of the study (application of Salazar's trichotomy to the discourse of the nation's foreign policy), the paper also aims to encourage the government to prioritize our relations with Indonesia, Malaysia and the entire ASEAN, toward the pursuit of a genuinely independent Philippine foreign policy.*

**Keywords:** Duterte, United States, Maphilindo/Pan-Malayan, Regionalism, China

doi: 10.5281/zenodo.22208612
[1]Corresponding Author: mark.joseph.santos@dlsu.edu.ph

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

**ABSTRAK**

*Ang polisiya ng ugnayang panlabas ng Pilipinas sa ilalim ng nakaraang rehimen ni Pangulong Rodrigo Duterte (2016-2022) ay kinakarakterisa ng estratehikong "pagpihit pa-Silangan." Bilang bahagi ng sistematikong paglayo nito sa liberal na demokrasya ng nakaraang administrasyon, inilipat ng rehimeng Duterte ang katapatan nito mula sa Washington patungong Beijing. Isa sa lantad na aspekto ng retorika nito ay ang dikotomiyang Estados Unidos-Tsina. Nakapaloob sa retorikang ito ang paggigiit na dalawa lamang ang pagpipilian ng Pilipinas: 1) kumiling sa Estados Unidos at maging antagonistiko sa Tsina, o 2) kumampi sa Tsina upang maiwasan ang agresyon at talikdan ang Estados Unidos. Ngunit gaya ng napansin ng maraming komentarista, kinakasangkapan lamang ng rehimen ang dikotomiyang ito upang bigyan ng katwiran ang kapabayaan nito sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas at labis na pag-utang sa Tsina. Nakapaloob ang pag-aaral na ito sa larangan ng Araling Internasyunal at Araling Rehiyunalismo, na gumagamit ng kultural na dulog. Lalapatan ito ng dokumentaryong pananaliksik gamit ang mga balita at mga limbag na pananaliksik. Layunin ng papel na ito na kastiguhin ang pekeng dikotomiya ng nagdaang rehimeng Duterte sa pamamagitan ng paglalatag ng isang alternatibo para sa ugnayang panlabas ng Pilipinas: ang rehiyunalismong Maphilindo. Sa konteksto ng trikotomiya ng historyador at antropologo na si Zeus A. Salazar (sarili-kapwa-iba), iginigiit na ang rehiyunalismong Maphilindo o Pan-Malayo ay mas malusog para sa Pilipinas (sarili), dahil paraan ito upang putulin ang mapang-abusong ugnayan nito sa Estados Unidos at Tsina (iba), at makabalik sa tunay nitong pook-pangkalinangang Pan-Malayo at Austronesyano (kapwa). Maaari rin itong maging batayan para sa mas matibay na pakikipag-ugnayan nito sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN), at maging sa iba pang bansa sa Pandaigdigang Timog. Liban sa teoretikal na ambag ng pag-aaral (aplikasyon ng trikotomiya ni Salazar sa diskurso ng ugnayang panlabas ng bansa), hangad din ng pag-aaral na makapagpalakas sa panawagang higit na iprayoridad ng pamahalaan ang ugnayan sa Indonesia, Malaysia at buong ASEAN, tungo sa isang tunay na nagsasariling ugnayang panlabas ng Pilipinas.*

**Mga Susing Termino***:* Duterte, Estados Unidos, Maphilindo/Pan-Malayo, Rehiyunalismo, Tsina

## I. INTRODUKSIYON: Ang Problematikong Dikotomiya ng Rehimeng Duterte

Kung mayroon mang nag-iisang konsistent na bagay sa administrasyong Duterte, ito ay ang malinaw na pagkiling ng pangulo sa Tsina mula pa man sa kanyang pagkakaluklok sa Malacañang noong 2016 hanggang sa pagtatapos ng kanyang panunungkulan noong 2022. Sa pagsisimula pa lamang ng kanyang panunungkulan ay nilinaw na niya na iiwas siya sa pakikipagsigalot sa Tsina. Noong Disyembre 2016, nang tanungin ukol sa usapin ng Kanlurang Dagat ng Pilipinas, ipinahayag niya na:

> In the play of politics, now, I will set aside the arbitral ruling. I will not impose anything on China (Gomez, 2016).

Paglipas ng limang taon, ganito pa rin ang paninindigan ni Duterte ukol sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas. Ngunit sa pagkakataong ito ay mas walang habas ang kanyang pahayag ukol sa makasaysayang pagkapanalo ng Pilipinas sa internasyunal na

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

tribyunal laban sa Tsina para sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas. Noong Mayo 2021, inilarawan niya ang pagkapanalong ito bilang isang kapirasong papel na maaaring itapon sa basurahan (Mercado, 2022).

Kung tutuusin ay napakalayo nito sa orihinal na kontra-Tsinong postura ni Duterte sa isyu ng Kanlurang Dagat ng Pilipinas noong panahon ng kampanya para sa pampanguluhang halalan noong 2016. Sa isang presidensyal na debate, nagsabi pa si Duterte na handa siyang sumakay sa jet ski papunta sa Scarborough Shoal upang personal na igiit ang karapatang teritoryal ng Pilipinas laban sa Tsina (Quilop, 2024).

Kaalinsabay ng pagpapabayang ito sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas ay ang walang patid na pag-utang sa Tsina ng rehimeng Duterte. Marami sa mga utang na ito ay ginamit ni Duterte sa kanyang programang *Build, Build, Build*. Sa partikular, nakatutok ito sa pagpapatayo ng maraming imprastraktura sa bansa tulad ng mga riles ng tren at kalsada (De Castro, 2018). Sa pananaw ng ilang komentarista, malinaw ang pagkakaugnay sa pagitan ng malamyang polisiya ni Duterte sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas at ang kanyang pag-utang sa Tsina. Ayon sa dating Central Bank Governor na si Jose Cuisia, inaakala ni Duterte na sa pamamagitan ng pagiging mabait sa Tsina, pauutangin nito ng malaking halaga ang Pilipinas (Tomacruz, 2021). Gayundin, kung paanong ginagamit ni Duterte ang kompromiso sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas upang makautang sa Tsina, malinaw na kinakasangkapan din ng Tsina ang pagpapautang upang higit na makakamkam ng mga teritoryo sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas.

Marami na ang nagbigay-babala sa pamahalaan sa bitag ng pagpapautang ng Tsina. Isa sa nagbigay-babala kay Duterte ay ang Punong Ministro ng Malaysia na si Mahathir Mohamad. Aniya:

> If you borrow huge sums of money from China and you cannot pay, you know when a person is a borrower he is under the control of the lender, so we have to be very careful with that (Venzon, 2019).

Sinusugan ni JC Punongbayan ang pahayag na ito ni Mahathir, nang sabihin niyang sa pamamagitan ng hindi maingat na pag-utang ni Duterte sa Tsina ay inilagay niya sa panganib ang mga likas na yaman ng bansa. Dagdag pa niya, kilala sa ganitong polisiya ang Tsina: nagpapautang sila sa mga mahihirap na bansa para sa mga proyekto na may kinalaman sa imprastraktura, at kapag hindi nakabayad ang mga bansa na pinautang, kinukuha ng Tsina bilang kolateral ang kanilang mga likas na yaman. Nagawa na ito ng Tsina sa Sri-Lanka at Ecuador, at marami pang ibang bansa na may panganib na mahulog sa ganitong bitag tulad ng Pakistan, Djibouti, Maldives, Laos, Mongolia, Montenegro, Tajikistan, at Kyrgyzstan (Punongbayan, 2019). At hindi iilan lamang ang nangangamba na ganito rin ang taktika ng Tsina upang higit na maitulak ang kanilang adyenda sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas.

Hindi lamang limitado ang taktika ng Tsina sa teritoryong kolateral kapalit ng pautang. Samu't saring negatibong epekto pa ang dinaranas ng ibang bansa dulot ng kanilang 'di patas na ugnayan sa Tsina. Hindi na kailangang lumayo pa, makikita ito sa mga karatig-bansa natin sa Timog Silangang Asya tulad ng Cambodia at Laos. Sa kaso ng Cambodia, isa sila sa pinakaaktibong kaalyado ng proyektong Belt and Road Initiative ng Tsina, at makailang ulit nilang hinarangan ang mga negatibong pahayag ng ASEAN laban sa Tsina (Strangio et al., 2025). Maraming komentarista ang pumupuna sa labis na

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pagsandig sa Tsina ng Punong Ministro ng Cambodia na si Hun Sen. Tsina ang nagsisilbing pinakamalaking banyagang namumuhunan sa Cambodia. Ngunit kapalit naman nito ay ang paglobo ng kanilang utang, pagkawala ng trabaho ng marami sa kanilang sariling mamamayan dahil sa akomodasyon sa mga manggagawang Tsino, pagkasira ng kalikasan, at pagdami ng kaso ng kriminalidad ng mga migranteng Tsino (Dunst, 2021). Kahawig din nito ang naging karanasan ng Laos. Nalubog din sa utang ang Laos sa Tsina, dahil sa mga proyekto ng Belt and Road Initiative, tulad na lamang ng Laos–China Railway na nag-uugnay sa pagitan ng Vientiane at Yunnan.

Sa ganitong paraan inilarawan nina Barney et al. (2025) ang naging epekto ng labis na pag-utang ng Laos sa Tsina, lalo na sa sektor ng enerhiya:

> What is clear is that China lent on a huge scale to a country with weak institutions and limited ability to productively absorb the investment. This has resulted in massive overcapacity in the Lao energy sector, unsustainable financial losses, and finally the takeover of its energy grid by a Chinese state firm (Barney et al., 2025).

Subalit sa kabila ng ganitong mga lehitimong babala at kritisismo, naging konsistent pa rin ang administrasyong Duterte sa pakikipaglaro ng apoy sa Tsina. Nang ilapit sa kanya ang isyu ng patuloy na panghihimasok ng Tsina sa Julian Felipe Reef na malapit sa Palawan, iginiit ni Duterte na:

> I'm stating it for the record, we do not want war with China. China is a good friend. Mayroon tayong utang na loob na marami pati 'yong bakuna natin. So China, let it be known, is a good friend, and we do not want a trouble with them, especially a war ... Kalaki ng utang na loob natin sa China. Tingnan niyo bakuna, libre. There are so many things—'yong mga tulong nila (Malasig, 2021).

Siyempre pa, tumatak din sa alaala ng marami ang isang biro noon ni Duterte sa harap ng mga negosyanteng Tsinoy sa okasyon ng anibersaryo ng Chinese Business Club:

> Kung gusto 'nyo, gawin 'nyo na lang kaming province, parang Fujian ... Province of Philippines, Republic of China (Ranada, 2018).

Kaalinsabay ng ganitong pagkatig ng administrasyong Duterte sa Tsina ang pagiging kritikal naman nito sa Estados Unidos. Halimbawa, sa isang *state visit* sa Tsina noong 2016, sinambit ni Duterte ang mga sumusunod na pahayag sa harap ng mga malalaking negosyante ng Beijing:

> America has lost now. I've realigned myself in your ideological flow ... And maybe I will also go to Russia to talk to Putin and tell him that there are three of us against the world: China, Philippines and Russia. It's the only way (Hunt et al., 2016).

Makailang ulit ding nagbanta si Duterte ukol sa pagpapatanggal ng mga base-militar ng Estados Unidos sa Pilipinas (BBC News, 2016). Maging ang dating pangulo ng Estados Unidos na si Barack Obama ay hindi nakaligtas mula sa tirada ni Duterte. Matapos punahin ni Obama ang giyera kontra droga na nagaganap sa Pilipinas, tinawag siya ni Duterte na "*son of a bitch*" (Worley, 2016). Iginiit pa ni Duterte na walang karapatan si Obama na punahin ang kanyang giyera kontra droga at magsalita ukol sa karapatang

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pantao dahil hindi pa nga humihingi ng tawad ang Estados Unidos sa pangmamasaker na ginawa nito sa daan-daang Muslim sa Bud Dajo noong panahon ng kolonyalismong Amerikano (SunStar, 2016). Bagaman totoo naman talagang naganap ang malagim na pangkasaysayang pangyayari na binanggit ni Duterte kaugnay ng Bud Dajo, malinaw na paraan ito upang pagtakpan ang giyera kontra droga at makalikom ng mas matinding suporta mula sa mga Muslim (Tugano, 2024).

Ang anti-Amerikanong retorika ni Duterte ay nakatulong para sa higit na nasyonalistang imahe niya sa mata ng taumbayan (Webb, 2017). Nakasangkapan niya rin ito upang mabigyang-katwiran ang pakikipagsabwatan sa Tsina. Matagumpay na naitanim ng administrasyong Duterte sa kamalayan ng mga Pilipino ang dikotomiyang Estados Unidos-Tsina. Sa isang banda, ang oposisyon, na tinagurian niyang mga "dilawan", ay naipinta ni Duterte bilang mga elit na maka-Amerikano. Sa kabilang banda naman, ang kanyang pagkatig sa Tsina ay ipinangalandakan niya na isang paraan upang magkaroon ang Pilipinas ng *independent foreign policy*, kung saan makalalaya ang Pilipinas mula sa impluwensya ng Estados Unidos. Lumikha ang rehimeng Duterte ng isang ilusyonaryong dikotomiya, kung saan pinaniwala niya ang taumbayan na dalawa lamang ang maaaring pagpilian: kumampi sa Estados Unidos o kumatig sa Tsina. Sa iskemang ito, pinalitaw niya na walang ibang posisyon na bukas sa mga Pilipino kundi maging maka-Tsino (upang maging makabayan) o maging anti-Tsino (na awtomatikong mangangahulugan ng pagiging maka-Amerikano at samakatuwid, pagiging taksil sa bayan).

Ang ibang mga kapanalig ni Duterte ay sumasandig din sa ganitong problematikong dikotomiya. Halimbawa, sa *GMA Senatorial Faceoff* na ginanap noong Pebrero 9, 2019, tinanong si Senador Aquilino "Koko" Pimentel III kung pabor siya sa pagsasagawa ng isang *joint exploration* ng Pilipinas at Tsina sa mga likas na yaman ng Kanlurang Dagat ng Pilipinas. Ganito ang kanyang naging tugon:

> Huwag tayong maging alarmist na nakatingin tayo kung sino 'yung ka-joint exploration natin... Ngayon maraming nagsasabi China 'yan, eh pagkapalitan natin ng Amerika 'yan wala na bang isyu? Just because Western power wala nang isyu? 'Wag tayong matakot sa China, 'wag tayong matakot sa East, kasi ang Pilipinas nasa East po tayo. These are our neighbors, marami tayong shared values sa kanila (GMA News, 2019, 0:45-1:27).

Pansinin kung paano binigyan ng katwiran ni Pimentel ang pakikipagtulungan sa Tsina sa pamamagitan ng paggamit sa Estados Unidos bilang panabla. Implisito pa nitong ipinarating na mas mainam na ang Tsina kaysa Estados Unidos, dahil kapwa natin nasa Silangan at Asya ang Tsina (samakatuwid, mas malapit ang kultura nito sa atin kaysa Estados Unidos). Sa kabutihang palad, malinaw na nailantad ni Neri Colmenares ang kahungkagan ng dikotomiyang ito nang sagutin niya si Pimentel gamit ang mga sumusunod na pahayag:

> Tayo ang nanalo sa Tribunal, bakit asta tayong talo? Dapat igiit natin ang ating teritoryo sa West Philippine Sea, ang foreign policy na independent. Hindi tayo maka-Amerikano, hindi tayo maka-Tsino, tayo ay maka-Pilipino (GMA News, 2019, 2:02-2:18).

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Sa pamamagitan nito, naigiit ni Colmenares na ang pagiging anti-Tsino ay hindi katumbas ng pagiging maka-Amerikano. Naibukas niya sa publiko ang isang alternatibo na lagpas sa ipinangangalandakang dikotomiya ng rehimeng Duterte – na maaaring umiral ang isang maka-Pilipinong tindig na kritikal kapwa sa Kanluran at Silangan. Mahalaga ang ganitong pangangatwiran ni Colmenares, dahil sa pamamagitan nito ay nailantad niya ang dikotomiyang Estados Unidos-Tsina ng rehimeng Duterte bilang isang anyo ng *dichotomy fallacy* o *false dilemma*. Ito ay isang uri ng baluktot na pangangatwiran (*fallacy*), kung saan pinapaniwala ng isang tagapagsalita ang mga tagapakinig na dalawa lamang ang tanging maaaring pagpilian, gayong mayroon pa naman talagang ibang alternatibo (Ofosu-Anim, 2023). Sa kaso ng ugnayang panlabas ng Pilipinas, lalo na kaugnay ng isyu ng Kanlurang Dagat ng Pilipinas, pinaniwala ni Duterte at kanyang mga kaalyado na ang maaari lamang nating pagpilian ay sumandig sa Tsina o kumampi sa Estados Unidos. Sa pamamagitan ng argumento ni Colmenares, nailantad sa publiko na hindi ito totoo, na mayroon pang ibang alternatibo para sa ugnayang panlabas ng ating bansa.

Layunin ng pag-aaral na ito na ihain ang rehiyunalismong Maphilindo bilang alternatibo sa pekeng dikotomiyang Estados Unidos-Tsina na pinalaganap ng administrasyong Duterte. Bagaman marami na ang nag-aral sa rehiyunalismong Maphilindo at gayundin sa dikotomiyang Estados Unidos-Tsina sa konteksto ng ugnayang panlabas ng Pilipinas, wala pang gaanong nagsasagawa ng eksplorasyon ng ugnayan ng dalawa.

## II. METODO

Gagamit ang pag-aaral na ito ng dokumentaryong metodo ng pananaliksik. Tumutukoy ito sa paggamit ng mga nakasulat na batis, na maaaring limbag o 'di limbag. Sa kaso ng kasalukuyang pag-aaral, yamang nakatuon ito sa isang kontemporaryong administrasyon, sasandig ito sa mga balita, komentaryo sa kontemporaryong pulitika, at mga limbag na pag-aaral. Huhugot ito ng mga konsepto at perspektiba partikular mula sa disiplina ng kasaysayan at araling internasyunal/rehiyunal. Paghuhugpungin ang dalawang larangang ito gamit ang balangkas-teoretikal ng trikotomiya ng sarili, kapwa, at iba ng Pilipinong historyador na si Zeus Salazar. Ipapaliwanag natin ang trikotomiyang ito sa seksyon ng "Rehiyunalismong Maphilindo bilang Lunas sa Dikotomiyang Estados Unidos-Tsina." Nakalimita ang pag-aaral na ito sa konteksto ng rehimeng Duterte. Bagaman mapapasadahan sa pag-aaral ang posibilidad ng paggamit sa Maphilindo bilang pagpapalago ng rehiyunalismong ASEAN, mas pagtutuunan ng pag-aaral ang rehiyunalismong Maphilindo kaysa ASEAN.

## III. TALAKAYAN

### *Pagkatig sa Silangan*

Kung tutuusin, ang dikotomiya ni Duterte sa usapin ng ugnayang panlabas ay hindi naman talaga bago sa Pilipinas. Malalim ang pagkakaugat sa kasaysayang Pilipino ng pagkatig sa Silangan bilang anyo ng pagkalas sa Kanluran. Sa isang sanaysay ni Rommel Curaming ukol sa mga teksbuk sa kasaysayang Pilipino, napansin niya na may tendensya ang ilang historyador na bigyan ng diin ang impluwensya sa Pilipinas ng mga

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

kapwa Asyanong bansa noong panahon ng sinaunang pamayanan (Curaming, 2017). Malawak ang espasyong ginugugol nila sa mga teksbuk upang talakayin ang impluwensya ng ilang kabihasnang Asyano tulad ng India, Tsina, at Arabia. Itinatampok nila rito ang samu't saring impluwensya ng mga ito sa kulturang Pilipino, tulad ng mga pagkain, pananamit, kagamitan, libangan, relihiyon, kaugalian, mga salita, at iba pa. Marahil, para sa kanila ay epektibong paraan ito upang ipakitang mas Asyano ang Pilipinas kaysa Kanluranin sa aspektong pangkultura nito.

Sa panahon ng Himagsikang Pilipino laban sa Espanya at Digmaang Pilipino-Amerikano, maraming rebolusyonaryo ang tumingin sa bansang Hapon bilang ideyal na modelo ng mga Asyano. Ang ilan gaya nina Mariano Ponce at Jose Alejandrino ay nagtungo pa mismo sa Japan sa pag-asang makakuha ng tulong para sa himagsikan (Camagay, 1999). Itinuring nila ang Pan-Asyanismong isinusulong ng mga Hapon bilang katubusan ng Pilipinas mula sa tanikala ng Kanluran (Mojares, 2013). Nagpatuloy ang ganitong pagtanaw sa Hapon bilang simbulo ng pagkalas sa Kanluran noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa kasagsagan ng digmaan, may mga Pilipinong naniwala sa panawagang "Asya para sa mga Asyano" ng mga Hapon, partikular na sa anyo ng Greater East Asia Co-Prosperity Sphere, na ginamit nilang propaganda upang sumidhi ang pagkamuhi ng taumbayan laban sa mga Amerikano. Isa sa pangunahing halimbawa nito ang dating Katipunerong si Artemio Ricarte, na kumiling sa mga Hapon dahil sa sinserong paniniwala na ito ang daan para ganap na mapalaya ang Pilipinas mula sa imperyalismong Amerikano (Luna, 1971; Jose, 1999).

Maging sa kontemporaryong kulturang popular ay makikita ang ganitong sintomas ng pagkatig sa Silangan bilang paraan ng paglayo sa Kanluran. Halimbawa, may ilang nag-aakala na ang pagtangkilik ng mga Pilipino sa kulturang popular ng Silangang Asya ay lunas laban sa hegemonya ng kulturang Amerikano sa Pilipinas. Dati rati, ito ay sa anyo ng pagtangkilik sa *anime* ng mga Hapon, na nagsimulang lumaganap sa Pilipinas noong dekada 1970s (Correa, 2017; Correa, 2023). Sa kasalukuyan, matatagpuan naman ang manipestasyon nito sa *hallyu* (*Korean wave*), terminong tumutukoy sa paglaganap ng kulturang Koreano (Lacuata 2023). Nagsimula itong maging popular sa Pilipinas dahil sa mga *Korean drama* (KDrama) na sunud-sunod ipinalabas ng GMA7 at ABS-CBN sa telebisyong Pilipino mula 2003, tulad ng *Endless Love, Stairway to Heaven, Lovers in Paris, Full House, Jewel in the Palace,* at iba pa (Igno & Cenidoza, 2016). Sinundan pa ito ng mabilis na paglaganap sa kabataan ng pagkabighani sa *Korean pop music* (KPop).

Samakatuwid, may mahabang kasaysayan ang ganitong tendensya ng ilang mga Pilipino na isiping nasa pagkatig sa Silangan matatagpuan ang katubusan mula sa napakatagal na pananamantala at paghahari ng Kanluran. Maigigiit na maiuugat dito ang kasalukuyang pagtatangka ng rehimeng Duterte na ipangalandakan na ang pagkatig ng kanyang administrasyon sa Tsina ay ang daan upang makawala tayo mula sa galamay ng Estados Unidos. Ngunit problematiko ang ganitong tradisyon ng pagkatig sa Silangan. Matalas ang naibigay na kritika ni Zeus Salazar sa ganitong tradisyon:

> First of all, by making our relations with Asia a matter of unilateral 'influence,' it implicitly accepts the old colonialist slander regarding Filipino passivity and lack of originality – i.e. that we are continually 'influenced' by and dutifully adopting ways and traditions from others. No one can deny that we have indeed been 'influenced

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

> by others' . . . As a matter of fact, I am not aware of any people which got constituted in history without having to interact, creatively or otherwise, with other groups or cultures. Nonetheless I must protest when we emphasize, when we nearly always consider, 'influences' as the basic thread running through our national history, as an element of great importance to our make up as a people. The point should all the more be emphasized in relation to our Asian neighbors, since any attempt to conjure unilateral 'influences' from them only serves to reinforce the very 'colonial mentality' we are so bent in shedding with regards to the West (Salazar, 1998).

Gaya ng punto ni Salazar, ang pagkatig sa Silangan ay hindi naman talaga pagbalikwas sa Kanluran, kundi higit na pagpapaigting lamang ng kolonyal na mentalidad na legasiya ng Kanluraning kolonyalismo. Ang pagkatig mula Kanluran tungong Silangan ay hindi tunay na pagpapalaya sa Pilipino, kundi pagpapalit lamang ng batis ng impluwensya. Totoo ito sa kaso ng Espanya at Estados Unidos at gayundin ng India, Tsina, at Arabia: pare-parehong banyagang impluwensya ang bitbit ng mga ito sa sinaunang pamayanang Pilipino. Totoo ito sa kaso ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig: parehong imperyalistang bansa ang Estados Unidos at Hapon noon. Totoo ito sa kaso ng kontemporaryong kulturang popular: parehong banta sa kulturang Pilipino ang labis at 'di kritikal na pagyakap sa kulturang Hollywood ng mga Amerikano at kulturang popular ng mga Hapon at Koreano. At maigigiit na totoo rin ito sa kaso ng kontemporaryong ugnayang panlabas ng Pilipinas: parehong banta ang Estados Unidos at Tsina sa tunay na kalayaan ng bansa.

Isa sa mga pangunahing retorika na ginamit ng mga nagsusulong ng pagkatig sa Silangan ay ang argumento na kapwa Asyanong bansa naman ang mga ito kaya mas mainam nang sa kanila tayo sumandig sa halip na sa mga Kanluranin. Gayunman, dapat salungguhitan ang katotohanang Kanluran o Silangan man ang bansa, banyaga pa rin sila sa mga Pilipino. At dahil banyaga, mayroon pa ring panganib na maging banta sa bansa, lalo na kung ang banyagang bansa ay labis na makapangyarihan (sa aspektong pulitikal man o kultural) at samakatuwid ay may mas mataas na posibilidad na magdala ng hindi patas na ugnayan.

Yamang problematiko kapwa ang pananatiling bihag ng Kanluran at pagkatig sa Silangan, kailangang maghanap ng alternatibo sa dikotomiyang ito. Nais kong igiit na isa sa mga alternatibong mas makatwiran para sa kaginhawaan ng Pilipinas ay ang rehiyunalismong Maphilindo.

### *Ang Rehiyunalismong Maphilindo*

Sa puntong ito, malaking bahagi ng talakayan ay sasandig sa isang naunang presentasyon ni Santos (2019) hinggil sa paglago ng kakanyahang Maphilindo sa kontekstong Pilipino.

Ang Maphilindo ay isang terminong nabuo sa pamamagitan ng pagsasanib ng unang mga titik ng mga bansang Malaysia, Philippines, at Indonesia. Pangalan ito ng konpederasyong kinabibilangan ng tatlong nabanggit na bansa, at nabuo noong 1963 alinsunod sa ideya ni dating pangulong Diosdado Macapagal (Khalid, 1965). Ang konpederasyon na ito ay naglalayong magsulong ng pagkakaisa, kapayapaan, pagtutulungan, at kolektibong pag-unlad sa pagitan ng tatlong bansa. Sa kasamaang

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

palad, mabilis na nabuwag ang konpederasyon ng Maphilindo dahil sa alitang teritoryal sa pagitan ng tatlo. Sa isang banda, nariyan ang pag-aagawan ng Pilipinas at Malaysia sa Sabah. Sa kabilang banda, nagkaroon naman ng sigalot ang Indonesia at Malaysia sa kung sino ba talaga ang nagmamay-ari ng Sarawak.

Gayunman, sa kabila ng pagkawasak ng konpederasyon noong 1963, ang rehiyunalismong isinasadiwa nito ay nagpapatuloy pa rin hanggang sa kasalukuyan. Sa panig ng Pilipinas, isa sa mga akademikong nagsusulong nito ay ang historyador na si Zeus A. Salazar. Ukol sa pagsusulong ni Salazar ng rehiyunalismong Maphilindo, ganito ang naging komento ni Rommel Curaming:

> Among scholars in the "maphilindian civilization," it is probably Zeus Salazar who has done the most in developing Pan-Malayan identity through scholarly efforts. His book, *Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (1998), constitutes probably the most developed articulation thus far of a version of Pan-Malayanism as a consciously political-cultural-academic project (Curaming, 2011).

Dahil sa pagpupunyaging ito ni Salazar, binansagan siyang "*Academic Prime Mover of Pan-Malayan Identity*," isang titulong iginawad sa kanya ng Philippine Historical Association (PHA) sa kumperensyang *Malay World: Connecting the Past to the Present*. Ang kumperensyang ito na ginanap noong Setyembre 2017 ay magkakatuwang na inorganisa ng PHA, Malaysian Historical Society, at Indonesian Historians. Tulad ng nabanggit ni Curaming, ang pagsusulong ni Salazar ng rehiyunalismong Maphilindo o Pan-Malayo ay kinakatawan ng kanyang aklat na *Malayan Connection* (Salazar, 1998). Isa itong koleksyon ng mga sanaysay na nakasulat sa iba't ibang wika (Filipino, Ingles, Bahasa, Aleman, at Pranses). Bagaman ang titulo ng akda ay "Pilipinas sa Dunia Melayu" (Pilipinas bilang nakapaloob sa Mundong Malayo), ang aklat ay isa ring komprehensibong pagpopook ng rehiyunalismong Maphilindo sa loob naman ng kontekstong Pilipino.

Sa kabanatang "'Malay,' 'Malayan,' and 'Malay Civilization' as Cultural and Anthropological Categories in the Philippines" ng naturang aklat (Salazar, 1998), binaybay ni Salazar sa agos ng kasaysayan ang paglago ng kamalayan ng mga Pilipino na sila ay bahagi ng kabihasnang Malayo o Maphilindo. Aniya, nang masakop ng mga Espanyol ang Pilipinas, napansin agad nila ang pagkakaugnay ng mga Indio (sa hitsura, kultura at wika) sa mga katutubong nakatira sa Indonesia at Malaysia. Sa aklat ng Espanyol na si Antonio de Morga noong 1609 na *Sucesos de las Islas Filipinas*, tinawag niyang "naturales Malayos" ang mga naninirahan sa Maynila. Binansagan ng Heswitang si Francisco Colin ang mga makapangyarihang katutubo sa Luzon bilang "Moro Malayos" na ayon sa kanya ay mula sa Brunei. Hinati naman ni Juan Francisco de San Antonio sa tatlong kategorya ang mga tao sa Pilipinas: 1) mga "barbarong" Negrito; 2) mga "hindi barbaro ngunit 'di rin sibilisado" na mga tao sa kabundukan, at 3) mga "sibilisadong" tao mula sa lahing Malayo. Bagaman derogatoryo at hindi katanggap-tanggap ang ganitong klasipikasyon at mga pagbabansag ni de San Antonio, malinaw na dagdag na patunay ito sa pagkakategorya sa mga Pilipino bilang Malayo.

Pagsapit ng ikalabingsiyam na dantaon, makikita sa mga propagandista ang malinaw na kamalayang Malayo. Isang halimbawa na nito ay si Jose Rizal mismo. Noong 1889, nagplano si Rizal kasama ang matalik na kaibigang si Ferdinand Blumentritt na

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

bumuo ng isang samahan na magpapakadalubhasa sa pag-aaral ng Pilipinas. Tinawag ito ni Rizal na "International Association of Philippinists." Plano nila na kapalooban ang samahan ng mga kinatawan ng iba't ibang lahi. Sa papel ng kanilang plano, ang lahi na nakasulat na kinakatawan ni Rizal ay "Malais-Tagale" (Malayo-Tagalog). Sa anotasyon ni Rizal sa *Sucesos* ni Morga, tinawag niya na "Malayos Filipinos" ang mga Indio. Ayon pa kay Rizal, mula sa Indonesia ang mga Indio kaya magkapareho sila ng mga tradisyon. Ang mga prayle raw ang may kasalanan kung bakit nakalimot ang mga Pilipino sa kanilang orihinal na kulturang Malayo. Patuloy ang pagtawag ni Rizal sa mga Indio bilang "Malayos Filipinos" sa iba pa niyang mga sulatin gaya ng *Filipinas Dentro de Cien Anos* at *Sobre la Indolencia de los Filipinos* (na parehong nailimbag sa pahayagang La Solidaridad) (Tugano, 2024).

Sa panahon naman ng kolonyalismong Amerikano, ang naging pinakakilalang indibiduwal na nagsulong ng rehiyunalismong Maphilindo ay si Wenceslao Vinzons. Si Vinzons ang pinakabatang delegado sa Constitutional Convention noong 1934, na nagluwal kalaunan sa Konstitusyong 1935 ng pamahalaang Komonwelt. Ilan sa mga isinulong niya sa kumbensyon ay ang akademikong kalayaan ng Unibersidad ng Pilipinas, Tagalog bilang wikang pambansa, at pagtutol sa pagbibigay ng *emergency powers* sa pangulo sa panahon ng pambansang krisis. Isa siya sa kauna-unahang bumuo ng pangkat ng mga gerilya upang labanan ang mga Hapon sa kasagsagan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nahuli at pinatay si Vinzons noong 1942 nang tumanggi siyang manumpa ng katapatan sa mga Hapon. Binabansagan ng ilan si Vinzons bilang "Ama ng Aktibismong Pangmag-aaral sa Pilipinas," at upang parangalan siya ay ipinangalan sa kanya ang isang bulwagan sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman (Vinzons Hall) (Yambot, 2016). Isa sa mga pinakainteresanteng bayaning Pilipino si Vinzons at mainam na maging huwaran ng mga kontemporaryong kabataan pagdating sa integridad, katapangan at pamumuno. Sa kasamaang palad ay madalas na hindi nabibigyan ng atensyon si Vinzons sa mga teksbuk pangkasaysayan kaya marami sa ating mga kababayan ay hindi siya kilala. Bukod sa mga natalakay nating impormasyon ukol kay Vinzons sa itaas, may mahalagang kaugnayan siya sa pinag-uusapan nating isyu ng rehiyunalismong Maphilindo.

Noong estudyante pa lamang sa UP si Vinzons, nagwagi ang kanyang talumpating "*Malaya Irredenta*" (tinubos na Malayo). Liban sa kahulugan nitong "tinubos na Malayo," ang "*irredenta*" ay nangangahulugan ding mga teritoryong hawak ng iba't ibang pangkat sa kasalukuyan ngunit pinagbibigkis ng iisang kultura sa nakaraan. Ito ang batayang konsepto ng irredentismo, isang ideolohiyang pulitikal na naglalayong pagsanibin o pag-isahin sa iisang pulitikal na entidad ang mga magkakahiwalay na teritoryong may magkakaparehong kalinangan sa nakaraan (Malbasic & Trbojevic, 2020). Naglalaman ang talumpating *Malaya Irredenta* ni Vinzons ng pangarap niya na magkaisa ang lahat ng mga Malayong bansa. Bilang pangulo ng konseho ng mga estudyante ng UP, itinatag niya ang "Perhempoenan Orang Melayoe" (Alyansang Pan-Malayo), na binubuo ng mga mag-aaral sa UP at iba pang paaralan sa Maynila na mula sa Pilipinas, Malaysia, Indonesia at Polynesia. Tuwing magtitipon ang mga kaanib ng Perhempoenan Orang Melayoe, ang ginagamit na wika sa mga ritwal ay Malayo. Sa kanyang mga liham, madalas na ang nakasulat sa ibaba ay mga katagang "*Yours for a greater Malaysia*."

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/


Nang makatapos si Vinzons ng abogasya sa UP, itinatag niya naman ang Young Philippines na isa sa mga layunin ay magsulong ng "*cultural intercourse with similar organizations in other nations, more particularly in those inhabited by Malay races*." Maraming mga prominenteng naging miyembro ang Young Philippines tulad nina Rafael Palma, Arturo Tolentino, Camilo Osias, Manuel Roxas, Carlos Romulo, Jose Laurel, at Diosdado Macapagal. Sa Young Philippines at kay Vinzons unang nasagap ni Macapagal ang kanyang inspirasyon sa pangunguna sa pagtatatag ng Maphilindo.

***Rehiyunalismong Maphilindo bilang Lunas sa Dikotomiyang Estados Unidos-Tsina***

Tulad ng nabanggit na sa unang bahagi ng sanaysay na ito, problematiko ang pagkatig sa Silangan bilang paraan ng pagkalas sa Kanluran. Hindi naman talaga nalulunasan ng pagkatig sa Silangan ang pagkakagapos sa Kanluran, bagkus ay lalo lamang nitong pinahihigpit ang pagkakatanikala ng Pilipinas sa mga banyaga. Ang pagkatig na ito sa Silangan pa nga ang nagbibigay-katwiran sa pag-iral ng dikotomiyang Kanluran-Silangan, na nagdadala ng ilusyong ang pag-unlad ng Pilipinas ay laging nasa pagsandig sa mga banyaga (sa Kanluran man o Silangan) at wala kailanman sa sarili nito.

Sa halip na kumatig sa Kanluran (Estados Unidos) o Silangan (Tsina), mas mainam na ikabit ang Pilipinas sa tunay na pinagmulan at kapookan nito, ang rehiyong Maphilindo o Pan-Malayo. Mas maipaliliwanag ang puntong ito kapag ginamit ang balangkas ng "trikotomiya" ni Salazar (para sa mas detalyadong pagsisiyasat sa trikotomiyang ito ni Salazar, tingnan ang Santos, 2020). Tumutukoy ang trikotomiya na ito sa kategorisasyon ni Salazar sa mga bansa batay sa pagkakaugnay nito sa Pilipinas. Binubuo ang trikotomiya ng tatlong ito: 1) sarili, 2) kapwa, at 3) iba. Pilipinas ang tinutukoy ng terminong "sarili." Ang "kapwa" ay mga bansang may malalim na kaugnayang pangkalinangan sa Pilipinas sa mahabang kasaysayan nito, tulad ng lahat ng mga bansang nakapaloob sa rehiyong Maphilindo o Pan-Malayo (Indonesia, Malaysia, gayundin ang mas maliliit na mga bansang Timor-Leste, Brunei, at Singapore). Samantala, "iba" naman ang bansag ni Salazar sa mga bansang walang malalim na kaugnayang pangkalinangan sa Pilipinas sa matandang nakaraan nito, tulad na lamang ng mga nanakop dito: Espanya at Estados Unidos. Sa iskemang ito, sa kategorya rin ng iba maipapailalim ang mga bansa na bagaman Asyano rin ay hindi naman kabigkis ng Pilipinas sa pangkalinangang kapookan nito, tulad ng Arabia, India, at Tsina. Narito sa ibaba ang payak na ilustrasyong naglalarawan sa trikotomiya ni Salazar:

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/




**Pigura 1.** *Ang Trikotomiya ng Sarili-Kapwa-Iba ni Zeus Salazar*

Batay sa karanasang pangkasaysayan ng Pilipinas, madalas na mapang-abuso ang naging pakikipag-ugnayan ng sarili sa iba. Sa pakikipag-ugnayang ito, laging ipinipinta ang sarili na pasibong tagatanggap lamang ng impluwensya at laging dumidipende sa iba: ang Pilipinas ay pinaghalu-halo lamang na kultura ng India, Arabia at Tsina sa panahon ng sinaunang pamayanan; ang Pilipinas ay parang paslit na ginagabayan ng mga Espanyol, Amerikano at Hapon sa panahon ng kolonyalismo; ang Pilipinas ay laging nasa dulo ng konsumerismo sa mga kontemporaryong kulturang popular tulad ng *Japanese anime, Kdrama*, at *Kpop*; ang ugnayang panlabas ng Pilipinas ay kontrolado ng mga makapangyarihang bansa tulad ng Estados Unidos at Tsina. Pansinin sa mga halimbawang ito na laging pasibo, naiimpluwensyahan, at dinodomina ang sarili, habang lagi namang aktibo, nang-iimpluwensya, at nangdodomina ang iba. Uni-direksyunal lagi ang daloy ng kapangyarihan mula sa iba tungo sa sarili, at hindi kailanman nagiging mula sa sarili tungo sa iba.

Taliwas ito sa pakikipag-ugnayan ng sarili sa kapwa. Walang uni-direksyunal na daloy ng kapangyarihan sa pagitan ng sarili at kapwa. Kung may pagkakahawig man ang kalinangan ng mga bansang Maphilindo, hindi ito dahil tagatanggap ng impluwensya ang Pilipinas mula sa Indonesia at Malaysia, o tagatanggap ng impluwensya ang Indonesia at Malaysia mula sa Pilipinas. Sa halip, ang pagkakahawig sa kalinangan ay dulot ng kanilang pagiging magkakakapwa, ibig sabihin, pagkakaroon ng iisang pinagmulang nakaraan. Sa ganang ito, mas patas at makatarungan ang pakikipag-ugnayan ng sarili sa kapwa, kaysa sarili sa iba.

Liban sa mas patas ang pakikipag-ugnayan ng sarili sa kapwa kaysa iba, mayroon pang ibang benepisyo ang ugnayang sarili-kapwa. Sa pamamagitan ng pagpopook ng sarili sa kapwa, matutuklasan nito ang kanyang tunay na pagkakakilanlan. Mabubura nito ang ilusyon na ang sarili ay produkto lamang ng pinagsama-samang impluwensya ng iba. Ang rehiyunalismo ng kapwa ay makatutulong para sa pagpapatatag ng nasyonalismo ng sarili. Kitang-kita ito sa Indonesia at Malaysia. Kumpara sa mga Pilipino, mas malay ang mga Indonesian at Malaysian sa kanilang pagkakakilanlang Pan-

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Malayo o Maphilindo. Isang manipestasyon nito ang mataas na pagpaprayoridad nila sa kanilang wikang pambansa, wikang nakaugat at sumasalamin sa kalinangang Maphilindo. Ang malalim na pagkakaugat nila sa kanilang kalinangang Maphilindo ay mas nakapagbigay sa kanila ng pagpapahalaga sa sariling dignidad bilang isang bansa. Kaya naman hindi nakapagtataka na mas nakakatindig din sila laban sa pananamantala ng mga mapang-abusong bansa tulad ng Tsina sa usapin ng agawang teritoryal (Parameswaran 2016). Sa kaso ng Pilipinas, hindi ganoong kaunlad sa ating kamalayan ang ukol sa ating pagkakakilanlang Maphilindo, na makikita sa hindi pagpaprayoridad sa wikang pambansa. At tiyak na mayroon ding epekto ang ganitong mahinang katatagang pangkalinangan sa pambansang dignidad, na makikita naman sa malamyang tindig ng Pilipinas laban sa Tsina sa isyu ng Kanlurang Dagat ng Pilipinas. Ang pagkakaibang ito ng Pilipinas at Indonesya-Malasya sa usapin ng wika at ugnayang panlabas ay malinaw na nagpapakita na may malaking praktikal na implikasyon sa kasalukuyang pulitika ang pagtuklas sa ating Maphilindong nakaraan.

Kaugnay nitong huling linyang nabanggit, dagdag pa sa dalawang natukoy na benepisyo ng pakikipag-ugnayan ng sarili sa kapwa (mas patas na pakikipag-ugnayan sa isa't isa at pagpapatatag ng sariling pagkakakilanlan), makatutulong din ito tungo sa pagbuo ng kolektibong paglaban sa mga mapang-abusong makapangyarihan. Yamang ang mga magkakakapwa ay may likas na pagkakaugnay-ugnay, mayroon din silang magkakatulad na interes. Maaari silang magtulungan upang protektahan ang kanilang kolektibong interes, lalo na kung mas mahina ang bawat isa sa kanila kumpara sa bansang nagdadala ng banta sa kanila.

Ganito rin ang maaaring gawin ng Malaysia, Pilipinas, at Indonesia bilang mga bansang Maphilindo na may kanya-kanyang ipinapagtanggol na teritoryo sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas laban sa Tsina. Siyempre pa, ang ganitong kaisahang Maphilindo ay maaaring isagawa sa konteksto ng mas malawak na rehiyunalismo ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN), upang mas maging epektibo ang pagtatanggol ng interes laban sa Tsina.

### *Ang Rehiyunalismong Maphilindo sa Konteksto ng South-South Cooperation*

Liban sa pagsasakonteksto ng rehiyunalismong Maphilindo sa loob ng ASEAN, kung tutuusin ay maituturing din ito na isang anyo ng tinatawag na *South-South Cooperation* (SSC). Dati rati, lalo na noong panahon ng Cold War, hinahati ang daigdig sa pagitan ng kapitalistang Kanluran (sa pamumuno ng Estados Unidos) at komunistang Silangan (sa pangunguna ng Unyong Sobyet) (Goodman, 1961). Ngunit sa kasalukuyan, mas ginagamit na ang mga terminong Pandaigdigang Hilaga (*Global North*) at Pandaigdigang Timog (*Global South*), dahil sa pagpansin sa heograpikong padron (*pattern*) na karamihan ng mga mayayamang bansa ay nasa hilaga ng mapang pandaigdig habang nasa timog naman ang karamihan sa mahihirap na bansa. Sa maraming aspekto (pulitika man, ekonomiya, o kultura), madalas na dinodomina, pinagsasamantalahan, iniimpluwensyahan, at dinidiktahan ng Pandaigdigang Hilaga ang Pandaigdigang Timog. Dahil dito, maraming intelektuwal mula sa Timog ang nagsusulong ng SSC. Tumutukoy ito sa pagtutulungan sa pagitan ng magkakaibang

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

bansa mula sa Timog, upang higit na maging matagumpay ang kanilang pakikibaka laban sa pananamantala ng Hilaga (Gray & Gills, 2016).

Bukod sa pangkalahatang salik ng kolonyalismo at kaapihan na nag-uugnay sa buong Pandaigdigang Timog, ang mga espisipikong kooperasyon sa loob ng SSC ay nakabatay rin sa malapit na ugnayang heograpikal at pagkakahawig ng kalinangan. Isang halimbawa nito ang pagkabuo ng West Asia and North Africa (WANA) bilang isang heograpikal at kultural na yunit, dahil sa kapansin-pansing pagkakatulad ng kalinangan ng Hilagang Aprika at Kanlurang Asya. Ang WANA ay maituturing na alternatibo sa Euro-sentrikong konstruksyon ng Gitnang Silangan (Tugano, 2025). Ibig sabihin, ang pagtutulungan ng Kanlurang Asya at Hilagang Aprika ay hindi lamang nakasandig sa iisang karanasang kolonyal, kundi maging sa kanilang heograpikal at pangkalinangang pagkakalapit.

Tulad ng WANA, maaari ring unawain ang rehiyunalismong Maphilindo sa kontekstong ito ng SSC. Ang Pilipinas, Malasya, at Indonesya, na mga bansang magkakalapit ang espasyo at magkakatulad ang kalinangan, ay pare-parehong kasapi ng Pandaigdigang Timog, habang ang Tsina at Estados Unidos ay parehong nakapaloob sa Pandaigdigang Hilaga. Tulad ng tipikal sa maraming nasa Timog, pare-parehong nakararanas ng pang-aapi ang Pilipinas, Malasya, at Indonesya. Tulad din ng tipikal sa maraming bansa sa Pandaigdigang Hilaga, dinadahas ng Tsina ang tatlong bansang nabanggit sa usapin ng pang-aagaw ng teritoryo, habang ang mga Amerikano ay patuloy na naghahari sa rehiyon sa usapin man ng kapangyarihanag militar o impluwensyang pang-ekonomiya. At ito ang hindi nakita noon ng rehimeng Duterte: na malaking kahibangan ang pumili sa anuman sa dalawang ito, dahil sa kabila ng maraming pagkakaiba nila, parehong kasapi ng naghaharing Pandaigdigang Hilaga ang Estados Unidos at Tsina. Kaya kung tutuusin, dapat na nating buwagin ang mga kategorya ng Kanluran (Estados Unidos) vs. Silangan (Tsina), at palitan ng Hilaga (Estados Unidos at Tsina) vs. Timog (Pilipinas, Malasya, Indonesya). Itong huli at mas bagong kategorisasyon ay mas tumutugma sa reyalidad ng kasalukuyan, at malusog para sa ating bansa. Malaki ang maiaambag ng rehiyunalismong Maphilindo para sa transisyong ito ng kamalayan ng mga mamamayang Pilipino mula sa kategorya ng Kanluran vs. Silangan tungo sa balangkas ng Hilaga vs. Timog.

## IV. PAGTATAPOS: ANG NAGPAPATULOY NA SAYSAY NG REHIYUNALISMONG MAPHILINDO SA KASALUKUYAN

Noong 2022 ay ganap nang nagwakas ang administrasyong Duterte, at hinalinhinan ito ng rehimen ni Ferdinand Marcos Jr. Kaiba ng sinundan niyang pangulo, unti-unting inilayo ni Marcos Jr. ang Pilipinas mula sa mahigpit nitong relasyon sa Tsina. Sa simula pa lamang ng kanyang termino ay ikinansela na niya ang mga naunang planong pag-utang ni Duterte mula sa Tsina para sa mga imprastraktura (Heydarian, 2022). Dahil dito ay idinedeklara ng administrasyong Marcos Jr. na ang uri ng diplomasyang mayroon ito ay isang nagsasariling ugnang panlabas (Reuters, 2023). Ngunit taliwas dito ang naging obserbasyon ng ilang kritiko. Malayo sa pagkakaroon ng malayang ugnayang panlabas, pinuna ng Center for People Empowerment in Governance (CenPEG, 2025) na ang ginawa ng rehimeng Marcos Jr. ay bumalik lamang

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

sa dati nitong dependensya sa Estados Unidos, lalo na sa usaping pangmilitar. Nagbabala ang CenPEG na ang paglalim ng dependensyang ito ay may panganib na magamit lamang ng Estados Unidos ang Pilipinas sa *proxy war* nito laban sa Tsina. Dagdag pa ng samahan, taliwas ang ganitong maka-Amerikanong polisiya ni Marcos Jr. sa polisiya ng neutralidad o *non-alignment* ng ASEAN.

Nangangahulugan ito na tulad ng nauna sa kanyang administrasyon, ang rehimeng Marcos Jr. ay nasa bitag pa rin ng dikotomiyang Estados Unidos-Tsina. Sa kategorya pa rin ng Kanluran vs. Silangan kumikilos ang kasalukuyang pamahalaan. Ang pagkakaiba lamang, kung si Duterte ay kumatig noon sa Silangan, si Marcos Jr. naman ay bumalik muli ngayon sa pagkatig sa Kanluran. Samakatuwid, nagbago lamang ang administrasyon, ngunit hindi pa rin talaga nalulunasan ang matagal nang suliranin ng *false dilemma dichotomy* ng Kanluran vs. Silangan sa pulitikang Pilipino.

Sa kontekstong ito makikita ang patuloy na saysay ng panawagan ng kasalukuyang papel tungo sa rehiyunalismong Maphilindo. Magsisilbi itong *golden mean* (ika nga ni Aristotle) o *middle path* (ayon nga kay Buddha) upang makaiwas sa dalawang kalabisan ng administrasyong Duterte (pagkatig sa Silangan/Tsina) at Marcos Jr. (pagkatig sa Kanluran/Estados Unidos). Kinakailangang mabago ang pananaw ng mga Pilipino na matatagpuan ang katubusan ng bayan sa Kanluran o sa Silangan. Ngunit hindi nangangahulugan ang nagsasariling ugnayang panlabas na solong makikibaka ang Pilipinas. Upang maging matatag sa harap ng banta ng Pandaigdigang Timog (iba), mahalaga ang pakikipag-alyansa ng Pilipinas (sarili) sa mga bansang Maphilindo (kapwa). Ang ganitong uri ng ugnayang panlabas ay kapwa realistiko sa aspektong pangkalinangan at pampulitika. Sa usaping pangkalinangan, malusog ito dahil sa organikong ugnayang pangkasaysayan natin sa Malasya at Indonesya bilang mga kapwa Austronesyanong bansa. Sa usaping pulitikal, realistiko ito dahil hindi kaya ng Pilipinas bilang isang maliit na bansa na mag-isang harapin ang daluyong ng Pandaigdigang Hilaga. Kaya sa diwa ng *South-South Cooperation* at gayundin ng makasaysayang Kumperensya ng Bandung, makatuturang patuloy na patatagin ng Pilipinas ang ugnayan nito hindi lamang sa Maphilindo, kundi pati sa ASEAN at iba pang bansang kasapi ng Pandaigdigang Timog.

Harinawa, makapagdagdag ang pag-aaral na ito sa lumalakas na panawagan sa pamahalaan na muling pag-isipan ang polisiya nito sa ugnayang panlabas ng bansa. Sa halip na mahirati sa pagsandig sa Tsina o Estados Unidos, na parehong mapang-api, sana ay mas iprayoridad ng mga gumagawa ng polisiya ang pakikipag-ugnayan sa mga bansang Maphilindo, na maaari pa ngang gamiting mas malalim na batayan ng ating pagkakapook sa ASEAN.

## V. MGA SANGGUNIAN

Barney, K., Rajah, R., & Cooray, M. (2025, April 13). *Trapped in debt: China's role in Laos' economic crisis*. Lowy Institute. https://www.lowyinstitute.org/publications/trapped-debt-china-s-role-laos-economic-crisis

BBC News. (2016, October 26). *Rodrigo Duterte wants US troops 'to leave Philippines.'* https://bbc.in/3ydxYJ5.

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Camagay, M. L. (1999). Mariano Ponce: Sugo sa bansang Hapon. In M. Asis (Ed.), *Mga eksilo, inang bayan, at panlipunang pagbabago* (pp. 117-134). University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies & Scalabrini Migration Center.

Center for People Empowerment in Governance. (2025). *Philippine foreign policy under Ferdinand Marcos, Jr.: Challenges and missed opportunities* [Policy brief].

Correa, R.B. (2017). Kasaysayan ng anime, ang pagpasok nito sa Pilipinas, at ilang tekstwal na pagsusuri sa proseso ng dubbing nito. *Kawing, 1*(1), 42-60.

Correa, R.B. (2023). Ang paglitaw ng anime, paglaganap nito sa mundo, at pagpasok nito sa Pilipinas. In M.D. Jose, A. Navarro, & J. Ong (Eds.), *Kulturang popular na Asyano* (pp. 12-62). Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila.

Curaming, R. A. (2011). Filipinos as Malay: Historicizing an identity. In M. Mohamad & S. M. K. Aljunied (Eds.), *Melayu: The politics, poetics and paradoxes of Malayness* (pp. 241–274). NUS Press.

Curaming, R. A. (2017). Hegemonic tool? Nationalism in Philippine history textbooks, 1900–2000. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 65*(4), 417–450. https://doi.org/10.1353/phs.2017.0031

De Castro, R. C. (2018). Explaining the Duterte administration's appeasement policy on China: The power of fear. *Asian Affairs: An American Review, 45*(3–4), 165–191. https://doi.org/10.1080/00927678.2019.1589664

Dunst, C. (2021, May). *Hun Sen's mistake? The domestic political ramifications of his Chinese shelter* (AsiaPacific Issues No. 148). East-West Center. http://hdl.handle.net/10125/76205

GMA Integrated News. (2019, February 10). *Tapatang Sen. Koko Pimentel, ex-Cong. Atty. Neri Colmenares at Dado Padilla | #Debate2019* [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=pzgD_LYZch0

Gomez, J. (2016, December 17). *Duterte says he'll set aside sea feud ruling against China*. *Philstar*. https://www.philstar.com/headlines/2016/12/17/1654340/duterte-says-hell-set-aside-sea-feud-ruling-against-china

Goodman, E.R. (1961). East vs. west in communist ideology. J*ournal of International Affairs, 15*(2), 95-107.

Gray, K., & Gills, B. K. (2016). South–South cooperation and the rise of the Global South. *Third World Quarterly, 37*(4), 557–574. https://doi.org/10.1080/01436597.2015.1128817

Heydarian, R.J. (2022, July 19). *In a reset, Marcos scraps Duterte's China loans*. Asia Times. https://asiatimes.com/2022/07/in-a-reset-marcos-scraps-dutertes-china-loans/

Hunt, K., M. Rivers, & Shoichet, C.E. (2016, October 20). *In China, Duterte announces split with US: 'America has lost'*. CNN World. https://cnn.it/3OT5IBj.

Igno, J.-A. M., & Cenidoza, M. C. E. (2016). Beyond the "fad": Understanding Hallyu in the Philippines. *International Journal of Social Science and Humanity, 6*(9), 723–727. https://doi.org/10.18178/ijssh.2016.6.9.740

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Jose, R. (1999). Eksilyo bilang pagtutol: Artemio Ricarte. In M. Asis (Ed.), *Mga eksilo, inang bayan, at panlipunang pagbabago* (pp. 155–185). University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies & Scalabrini Migration Center.

Khalid, M.B. (1965). Whither Maphilindo Mushwara? *Pakistan Horizon, 18*(2), 144-163.

Lacuata, R. C. I. (2023). Ang paglaganap ng hallyu at K-drama sa Pilipinas. In M.D. Jose, A. Navarro, & J. Ong (Eds.), *Kulturang popular na Asyano* (pp. 63-93). Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila.

Luna, M.P.S. (1971). General Artemio Ricarte y Garcia: A Filipino nationalist. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*, *9*(2), 229-241.

Malasig, J. (2021, April 29). *What is a friend? Duterte insists China a 'good friend' we owe 'bebt' to. Interaksyon.* https://interaksyon.philstar.com/politics-issues/2021/04/29/190746/what-is-a-friend-duterte-insists-china-a-good-friend-we-owe-debt-to/

Malbasic, Z., & Trbojevic, M. (2020). Defining irredentism as a security phenomenon. *NBP: Nauka, Bezbednost, Policija, 25*(2), 39–51. https://doi.org/10.5937/nabepo25-25836

McCarthy, J. (2021, August 6). *4 things to know after the Philippines kept its pact with the U.S. military*. *NPR*. https://www.npr.org/2021/08/06/1025287447/philippines-united-states-military-agreement-analysis

Mercado, N.A. (2021, May 6). Duterte on PH court win over China: *'That's just paper; I'll throw that in the wastebasket.'* Inquirer.net. https://newsinfo.inquirer.net/1427860/duterte-on-ph-arbitral-win-over-china-papel-lang-yan-itatapon-ko-yan-sa-waste-basket

Mojares, R.B. (2013). The emergence of Asian intellectuals. *Asian Studies, 49*(2), 1-13.

Ofosu-Anim, D. (2023). False dilemmas of political leadership: A polemic. *Open Journal of Leadership, 12*, 117–126. https://doi.org/10.4236/ojl.2023.122008

Parameswaran, P. (2016, April 6). *Indonesia sinks 23 foreign vessels after China spat.* The Diplomat. https://thediplomat.com/2016/04/indonesia-sinks-23-foreign-vessels-after-china-spat/

Punongbayan, J.C. (2019, March 27). How the Philippines fell for China's infamous debt trap. Rappler. https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/226745-analysis-how-philippines-fell-china-debt-trap/

Quilop, R. J. (2024). Consistency amid seeming shifts: Philippine foreign policy between the United States and China. *Contemporary Southeast Asia, 46*(1), 147–169. https://doi.org/10.1355/cs46-1g

Radio Free Asia. (2020, January 3). *Malaysia stands by Claim to increase South China Sea territory.* Radio Free Asia. https://www.rfa.org/english/news/china/malaysia-southchinasea-01032020181448.html.

Ranada, P. (2018, February 19). *Duterte jokes: Why not make Philippines a province of China?* Rappler. https://www.rappler.com/philippines/196426-duterte-philippines-province-china/

Reuters. (2023, January 5). *Philippines' Marcos says tells Xi intends to pursue independent foreign policy*. Reuters. https://www.reuters.com/world/asia-

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pacific/philippines-marcos-says-tells-xi-intends-pursue-independent-foreign-policy-2023-01-05/.
Salazar, Z. A. (1998). *The Malayan connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Palimbagan ng Lahi.
Santos, M.J.P. (2019). *Ang paglalayag ng kakanyahang Pan-Malayo: Si Diosdado Macapagal at ang Maphilindo* [Public lecture]. NHCP Presidential Car Museum, Manila, Philippines.
Santos, M.J.P. (2020). Sarili, kapwa, iba: Ang trikotomiya ni Zeus Salazar sa pagpopook ng kakanyahang Pilipino sa kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano. *TALA, 3*(2), 1-30.
Strangio, S., Li, M., & Li, X. (2025). Local rivalries, foreign entanglements: the role of domestic politics in Cambodia's Chinese embrace. *International Journal of Asian Studies, 22*(1), 66–82. https://doi.org/10.1017/S1479591424000214
SunStar. (2016, September 6). *Duterte reminds US of Bud Dajo Massacre.* SunStar. https://www.sunstar.com.ph/more-articles/duterte-reminds-us-of-bud-dajo-massacre
Tomacruz, S. (2021, July 15). *Duterte and the West Philippine Sea: A strategy of failed compromises.* Rappler. https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/duterte-west-philippine-sea-strategy-failed-comprises/
Tugano, A.C. (2024). Pagbabalik-tanaw sa maagang malay ni Jose Rizal sa kakanyahang Malay at pagsipat sa kinahinatnang pananangkapan at retorikang politikal dito noong dantaon 20. *UP Los Baños Journal, 22*(2), 113-153.
Tugano, A.C. (2025). Paglilinang ng Araling Aprikano sa Pilipinas: Mula Area Studies tungong Araling Kabanwahan. *Lukad, 4*(1), 65-119.
Venzon, C. (2019, March 7). *Mahathir warns Philippines about China loans.* Nikkei Asia, https://s.nikkei.com/3ya1CPB.
Webb, A. (2017). Hide the looking glass: Duterte and the legacy of American imperialism. In N. Curato (ed.), *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency* (pp. 127-144). Bughaw.
Worley, W. (2016, September 8). *Rodrigo Duterte: Philippines president calls Barack Obama a 'son of a bitch.'* Independent. https://www.independent.co.uk/news/world/asia/rodrigo-duterte-philippines-president-barack-obama-son-of-a-bitch-a7226201.html
Yambot, E.M. (2016). *Wenceslao Q. Vinzons: The Hero the Nation Forgot*. Upsilon Sigma Phi Alumni Association.

© 2026 SUKISOK Journal of the Arts and Sciences | Licensed under CC BY-NC 4.0
https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/